**LAKBAY SANAYSAY : Baguio Trip**




**BAGUIO TRIP**

Bilang isang kabataan, nais kong pumunta sa iba’t ibang lugar na may iba’t ibang tanawin. Lalong lalo na ang mga lugar na talaga namang tinatangkilik ng mga turista, mapadayuhan man na galing ibang bansa o yung mga taong doon na mismo sa lugar na yon lumaki at nagkaisip. Hindi ko ginagawa ito upang magbakasyon lamang at magmuni – muni kundi para malaman ko kung saan at paano nga ba ganoon ang tawag sa lugar na iyon.



At bakit nga ba ito tinatangkilik at dinadayo ng mga turista. Masayamg gawin ito pag kasama mo ang mga mahal mo sa buhay lalong lalo na angPAMILYA. Dahil ang pamilya ay isang pinakamahalaga at magandang regalo sa atin ng Panginoong Hesukristo, ang pamilya ang siyang masasandalan mo sa oras na ikaw ay may problema.



Isa sa napuntahan ko kasama ang aking pamilya ay ang lugar na Baguio. Ang Baguio ay isa sa mga sikat na lugar dito sa Pilipinas lalong lalo na sa North Luzon, kilala ito bilang Summer Capital of the Philippines hindi dahil mainit dito ngunit dahil napakalamig dito lalong lalo na kapag bumagsak ang temperatura dito kapag sumasapit na ang kapaskuhan. Talaga namang dinadayo ito ng maramimg tao dahil para sa kanila dito masarap ipagdiwang ang KAPASKUHAN kasama ang iyong mga mahal sa buhay.






Ngunit hindi namin ito pinuntahan noong panahon ng kapaskuhan bagkus noong unang araw ng Enero taong 2015. Dahil pagkatapos naming ipagdiwang ang BAGONG TAON ay nagsimula na kaming gumayak mula Pampanga hanggang sa makarating kami sa Baguio. Pumunta kami doon dahil doon nais ng aking pinsan na ipagdiwang ang kanyang ikapitong kaarawan. At dahil FIRST TIME naming magpipinsan na pumunta doon kung kaya’t mas lalo kaming naexcite na makarating na doon.

Isa sa mga pinuntahan namin sa Baguio ay angBurnham Park na kung saan dito kamI gumala ng ilang oras, dito sa lugar na ito ay matatagpuan ang isangDancing Fountain at isang parang ilog na kung saan pwede kang mamangka at maglibot – libot. Isa rin sa mga napuntahan namin ay ang Botanical Garden, dito sa lugar na ito ay may mga matatandang Igorot na kung saan pwede ka sa

kanilang magpakuha ng litrato na kasama sila. Dito mo makikita na hindi nila kinakahiya kung saan sila nagmula kahit na ganoon ang kanilang pananamit. At nagpunta rin kami saMines View , ngunit kahit malayo at maraming tao doon at WORTH IT naman dahil maganda at talaga namang nakakarelax at mapapahanga ka sa ganda ng view na iyong nakikita.



At ang huli naming pinuntahan sa Baguio, at ang huling araw na rin namin doon ay ang Strawberry Farm. Dito mo matitikman ang masasarap na strawberry na tinatawag din na Preyas. Sa loob ng tatlong araw namin sa Baguio ay marami akong nalaman sa lugar na iyonat dito ko rin nalaman kung bakit nga ito tinatangkilik ng mga turista.


REALISASYON :

Ang naging realisasyon ko sa aking paglalakbay na ito ay huwag mong kakalimutan ang mga lugar na talaga namang dapat mong ipagmalaki na sa inyo lang matatagpuan. Dahil ang mga lugar na ito ang nagpapatunay na masagana ang bansa niyo sa likas na yaman. At huwag na huwag mong kakalimutan ang iyong Pamilya dahil sila ang magiging kasangga mo sa lahat ng problemang iyong kahaharapin na kahit na magkaroon kayo ng hindi pagkakaunawaan at magkasakitan man kayo ng damdamin ay hinding hindi ka pa rin nila pababayaan at kakalimutan bagkus ay mamahalin ka pa nila ng lubusan. At higit sa lahat ay magpasalamat tayo sa Panginoon sa mga Biyayangating natanggap galing sa kanya.

**Bohol**

**#ChocoBohol**

**By: Antoneth Wenceslao**



Hindi mawawala sa barkada, tropa, kaibigan o travel buddies ang pahirapan sa pagpla-plano nang isang lakad. Yung all set na at hinihintay na lang ang kinabukasan o ang araw ng pag-alis tapos biglang may magba-back-out dahil sa anumang kadahilanan. Sa kabilang banda, ibang kaligayahan naman ang madarama kapag natuloy ang matagal-tagal ninyong pinagplanuhang lakad.

Nadaanan namin ang isa sa mga lugar na hinihintuan ng mga motorista at turista dahil sa kakaibang ganda nito, ito ay ang Bilar Man-Made Forest (Bohol Man-Made Forest). Ito ay may haba na umaabot sa two (2) km sa pagitan ng Loboc at Bilar na puro Mahogany Trees ang nakatanim. Although, bago ka man makarating sa man-made forest ay may nag-e-exist na talagang natural forest sa nasabing lugar

Saglit lang ang naging pagbisita namin dito, tumawid lang kami sa tulay at bumili ng peanut kisses (One of the Best Bohol Treats). Hindi kumpleto ang Bohol Adventure kung hindi mo masisilayan ang Famous Chocolate Hills ng Bohol na matatagpuan sa bayan ng Carmen, Batuan at Sagbayan. May mahigit 1,260 hills o mga burol ang masisilayan. Tuwing panahon ng tag-init ang mga burol na ito ay nagkukulay brown kaya naman ito pinangalanang Chocolate Hills at tuwing tag-ulan naman ito ay nababalutan ng mga damo.

At syempre nakilala ang Panglao Island dahil sa white sand beaches nito katulad ng Boracay Island. Hindi katulad ng Boracay na sobrang crowded lalo na kapag peak season. Although, may mga resort na din dito at dinarayo na din ng mga turista ngunit pansin ko lang mas tahimik dito kumpara sa Boracay. May nightlife din dito pero iba pa din ang nightlife sa Boracay, party talaga dun eh.

Sulit ang naging bakasyon namin, madami akong natuklasan, natutunan at nakilala. Worth it ang gastos at pagod. Akala ko hindi ganun kasaya ang magiging karanasan namin dahil sa pinsalang tinamo ng Bohol sa matinding lindol at nasundan pa ng bagyo. Akala ko wala kaming daratnan na ikakaligaya namin pero akala ko lang pala ang lahat.


**Tanawin**



**#Paglalakbay**

**By: Anjelo Trazona**


Bilang isang kabataan, nais kong pumunta sa iba't ibang lugar na may iba't ibang tanawin. Lalong lalo na ang mga lugar na talaga namang tinatangkilik ng mga turista, mapadayuhan man na galing ibang bansa o yung mga taong doon na mismo sa lugar na yon lumaki at nagkaisip.



Noong nakaraang buwan bumisita kami sa timog ng cebu at isa sa aking napuntahan ay ang Kawasan Falls, sobrang lamig ng tubig doon at napakalinis.



Pinuntahan rin namin ang Kansanto Spring. Sobrang saya ko noong araw na ito dahil kami lang yung naliligo doon at napaka relaxing ng tubig.



Sunod naming pinuntahan ay ang Boardwalk. Matatagpuan ito sa Badian. Nakapaligid dito ang mga Mangroves kung saan napakalaki na at maganda rin itong tambayan.



Ito naman ay sa Dagway sa Paraiso. Matatagpuan ito sa Moalboal, maganda itong tambayan pampalipas oras, napaka relaxing din ng view at nakapasariwa ng hangin.

Ito naman ay sa White Beach, Basdako, Moalboal. Nag overnight kami dito kasama yung mga kaibigan ko at sobrang maluwag ng space na pwede mong tayoan ng tent.



Ang naging realisasyon ko sa aking paglalakbay na ito ay huwag mong kakalimutan ang mga lugar na talaga namang dapat mong ipagmalaki na sa inyo lang matatagpuan. Dahil ang mga lugar na ito ang nagpapatunay na masagana ang bansa niyo sa likas na yaman. At higit sa lahat ay magpasalamat tayo sa Panginoon sa mga Biyayang ating natanggap galing sa kanya.

**Halimbawa ng Lakbay Sanaysay**




Isang paglalakbay na di makakalimutan, kakaibang saya ang hatid kapag napuntahan mo ang lugar na matagal mo ng gustong mapuntahan at

mapasyalan. Noong nakaraang bakasyon isa na naman sa bucket list ko o listahan ng mga lugar na aking nais mapuntahan at ito ang Tagaytay .

Talaga namang masarap sa pakiramdam ng kami'y makarating sa Tagaytay talaga namang kahanga hangang makita ang Taal Volcano. Matagal ko ng gustong mapuntahan ang Tagaytay sapagkat ito ay may angking ganda at kapag nakita mo ang lawa nito ay talaga namang nakakatanggal ng mga problema at stress. Nakakapawi din ito ng kalungkutang nararamdam dahil sa pagkakaroon ng payapang tanawin kaya di makakapagtaka na maraming turistang bumibisita sa Tagaytay.





Noong una ay di ako makapaniwala na nakikita ko na ang Taal Volcano kasi pag nakita mo siya sa personal akala mo lang ay isang litratong nakikita mo sa google o saan mang websayt talaga namang nakakabighani sa ganda na di ka talaga magdadalawang isip na bumalik at pasyalang muli.

Magandang mapuntahan ang Tagaytay lalo na sa mga pamilyang nais makaranas ng saglit na kapayapaan. Ang aking karanasan sa Tagaytay ay talaga namang di malilimutan siguro dahil isa ito sa mga pinapangarap kong lugar na nais kong mapuntahan.



Realisasyon:
Ang aking naging realisasyon sa aking paglalakbay ay mas likas sa magagandang tanawin at likas na yaman ang ating bansa na dapat ay mas tinatangkilik lalo na ng mga pilipino sapakat iba pa rin ang nagagawang kasiyahan ang nagagawa ng ating mga natural na yaman sa mga tao lalo na sa mga pilipino at turista. Ang ating sariling yaman ay talaga namang nakakahanga kaya di makakapagtaka kung bakit maraming turista ang nag papabalik-balik sa ating bansa dahil "It's more fun in the Philippines".

## Ang Hiwaga ng El Nido, Palawan
**Isang Lakbay Sanaysay na Isinulat ni AC Santos**

Ang El Nido ay isang lugar sa Palawan na madalas puntahan ng mga turista. Tanyag dito ang maliliit na isla dahil ang bawat isla ay nagtataglay ng mga puting buhangin, magagandang tanawin, mga iba't ibang aktibidad na maaaring gawin sa tubig, waterfalls, at marami pang iba. Sa aming paglalakbay sa sandaling panahon aking maipapakita ang ilan sa aming napuntahan.

Ikaunang araw:



Ang larawan na ito ay kuha nang kami ay makarating sa aming titirhan sa loob ng tatlong araw. Inabot kami ng dilim sa kadahilanang mahaba ang byahe mula sa airport ng Palawan. Halos isang araw ang dapat na lakbayin upang makarating sa bayan ng El Nido kung kaya sa aming pagdating sa aming destinasyon napagsunduan naming magpipinsan na gawing pahinga at mag-ikot sa lugar na aming titirhan ang natitirang orasang natitirang oras upang magpahinga at maghanda sa mga aktibidad na aming gagawin. Aking napansin na isa sa mga lugar na madalas na pinupuntahan ng mga turista rito ay ang mabagal na Wi-Fi. Magandang bagay ito para sa mga dumadayo rito upang mas mabigyang tuon ang mga tanawin, kainan, kultura, at ang oras sa kanilang pamilya habang nasa bakasyunan.

Ikalawang araw:

Sa pagsapit ng umaga agad naming sinimulan ang island hopping at ang pinakauna naming pinuntahan ay ang Helicopter island. Ang orihinal na tawag dito ay Dimalucad island ngunit sa dahilan na ang hugis nito at sikat ito sa mga turista ang nakasanayang tawag dito ay “Helicopter”. Wala kaming litrato sa lugar na ito dahil masyado kaming nalibang sa tanawin na dala nito.









Ang pangalawang destinasyon naming ay ang Turtle island. Makikita sa litrato ang aking mga kapatid nang kami ay papunta pa lamang sa aming destinasyon. Ang iba naman ay ang mga bato at isla na nakahugis pawikan. Sa isla na ito, binigyan kami ng aming tourist guide ng oras upang makapag snorkeling.




Nagkataon na mayroon kaming nakitang pawikan sa kailaliman ng dagat. Pagkatapos ng Turtle island, ang aming pangatlong destinasyon ay ang Matinloc Shrine. Babati rin sayo ang isang iskultura ni Hesus sa isang maliit na kweba. Ang lugar din ay mayroong hawig sa bansang Greece.





Inakyat din naming ang isang matarik na cliff kung saan isang maling pagtapak mo lamang sa mga bato ay maari kang maaksidente. Makikita mo rin kapag nakaabot ka sa tuktok ng cliff ay ang magandang tanawin ng isla. Ngunit kung mapapadpad ka sa lugar na ito maiisip mong ito ay isang spiritwal na lugar.





Ang sunod na lugar na aming pinuntahan ay ang Small at Big Lagoon. Hindi kami bumaba sa ng bangka sa Big lagoon upang mapahinga ang aming sarili. Sa Small lagoon kami bumaba ng bangka upang magkayak. Medyo nagtagal kami rito dahil natuwa ang aking ibang pinsan sa pagkakayak. Ang pinakahuling destinasyon bago kami bumalik sa aming tinitirhan ay ang 7 Commando. Dito kami nagpahinga dahil napagod kami sa ibang aktibidad na nagawa naming sa mga nakaraang isla na napuntahan. Mayroon din kaming napagkatuwaan na duyan kung saan malawak ang naiikutan nito kumpara sa mga normal na duyan.

Ikatlong araw:

Ang pangalawa sa huli na aming napuntahan ay ang Nacpan beach. Ikinatuwa naming ang dalampasigan dito dahil hindi masakit sa paa ang kanilang puting buhangin maihahambing ko ang lambot nito sa bulak. Ngunit sa kaalaman ng lahat ay mayroon tayong temperatura na sobrang init sa katanghaliang tapat kung kaya mas nakabubuti kung pumunta dito ng kinaumagahan at sa hapon. Ang Nacpan beach ay mayroong kakambal na isla na hindi masyadong kilala ng karamihan ito ay ang Calitang beach. Sa lugar na ito ay hindi maaring hindi kami magkaroon ng ng pagkakataon na magkwentuhan at kumuha ng litrato sa isa't-isa. Hanggang sa lumipas ang oras at kailangan na naming lumisan upang puntahan naman ang isa pang destinasyon. Ang pinakahuling destinasyon naming bago matapos ang araw na ito ay ang Lio beach.







Dito nagtapos ang aming maikling panahon ng paglalakbay. Doon din kami kumain ng merienda at nanood sa paglubog ng araw. Habang naghihintay sa paglubog ng araw ay nagbalik tanaw kami sa mga magagandang nangyari sa amin sa loob ng tatlong araw. Ibinahagi namin ang mga tanawin na nagbigay ng impresyon sa amin.  Maaring nakakapagod ang paglalakbay na aming ginawa ngunit sa tatlong araw na iyon ay nagkaroon kaming magpipinsan ng panibagong mga alaala sa isa't-isa. Ang aming mga napuntahan ay tila isa na lamang memorya sa amin na magbibigay alala sa aming mga naranasan at walang sinoman ang makakakuha ng mga alaala naming nagawa.